

## Kumuha ng suporta mula sa Kami ay TB (We Are TB)



**Ang sinuman ay maaaring magkaroon ng tuberculosis.**

***Kami ay TB (We Are TB) ay nandito para IYO.***

### **Makipag-usap sa isang nakakaintindi.**

Ang mga ***Kami ay TB (We Are TB)*** na boluntaryo ay naranasan na ang katayuan mo sa ngayon at nandiyan upang suportahan ka sa panahon ng dayagnosis at pagpapagamot, sa pamamagitan ng iyong mga pakikibaka, tagumpay, at takot.

Sa panahon at pagkatapos ng pagpapagamot, ang mga miyembro ng ***Kami ay TB (We Are TB)*** ay maaaring magsilbi bilang mga tagapagtaguyod, ipaalam sa mas marami ang tungkol sa TB, at pagbabahagi ng kanilang personal na kuwento upang turuan at mabawasan ang kahihyang idinudulot ng TB.

### **Mag-usap tayo.**

Bisitahin ang pahina ng suporta sa mga pasyente para malaman kung paano.

[www.wearetb.com/patient-support](http://www.wearetb.com/patient-support)

Kami ay TB (We Are TB) ay nasa Facebook, Instagram, at Twitter.

# Nasuri akong positibo sa TB. Ano Ngayon?



## Mas marami pang impormasyon sa TB


Kumuha pa ng mas maraming impormasyon tungkol sa TB mula sa Centers for Disease Control and Prevention  
[www.cdc.gov/tb/default.htm](http://www.cdc.gov/tb/default.htm)



Ang gabay na ito ay nilikha ng California Tuberculosis Controllers Association. Para sa mas marami pang impormasyon, pumunta sa [www.ctca.org](http://www.ctca.org)

## Ano ang TB?

- Ang TB (tuberculosis) ay isang mikrobyo. Ang mga mikrobyo ng TB ay maaaring maging sanhi ng malubhangt.
- Kung ikaw ay nagkasakit gawa ng TB, kadalasang sumasakit ang iyong mga baga at nagpapahirap ito sa paghinga.
- Kapag di ka uminom ng gamot, ang TB ay maaaring pumatay sa iyo.
- Ang TB ay maaaring maging **aktibo** o **hindi aktibo** (na tinatawag ding “natutulog” na TB).




## Bakit kailangan kong uminom ng gamot kung hindi ako nakakaramdam na ako ay may sakit?

- Mas mahirap na gamutin ang TB kung ito ay aktibo.
- Maaaring hindi ka makaramdam na may sakit ka ngayon, ngunit ang TB ay maaaring maging aktibo sa anumang oras at magkaroon ka ng malubhang sakit.
- Ang pag-inom ng gamot bago ka makaramdam ng pagkakasakit ay maaaring makatulong na protektahan ang iyong pamilya at mga kaibigan mula sa pagkakaroon ng TB.




## Paano ako nagkaroon ng TB?

- Ang sinuman ay maaaring magkaroon ng tuberculosis-TB.
- Nakakalanghap ka ng mga mikrobyo ng TB kapag malapit ka sa isang tao na may aktibong TB.



## Naging positibo ang pagsusuri sa akin sa TB. Ano ang ibig sabihin nito?

- Ang ibig sabihin nito ay mayroon kang mga mikrobyo sa iyong katawan.
- Ang susunod ay magkakaroon ka ng ilang mga pagsusuri at ng x-ray para malaman pa ang mas marami.



## Ang mabuting balita ay...

- Mayroong mga medisina na makakagamot sa TB bago ka magkasakit.



## Ang “Aktibong TB” ay nangangahulugan na...

- Nagkakasakit ka at kadalasan ay may ubo at lagnat na hindi nawawala. Maaari ka ring magkaroon ng pagpapawis sa gabi at pagbaba ng timbang.
- Maaari mong ikalat ang TB sa iyong pamilya at mga kaibigan, at sa ibang tao na malapit sa iyo.
- Kapag hindi ka uminom ng gamot, lalo kang magkakasakit.



## Ang “Hindi Aktibong (natutulog) TB” ay nangangahulugan na...

- Hindi ka nakakaramdam ng pagkakasakit.
- Hindi mo maikakalat ang mga mikrobyo sa iyong pamilya, mga kaibigan, o ibang tao na malapit sa iyo.
- Maaari kang uminom ng gamot para hindi ka magkasakit at hindi maikalat ang mga mikrobyo sa kahit sino.

Ang Hindi Aktibong (natutulog) TB ay maaaring magbago sa aktibong TB sa anumang oras.

